
ANG Bayan
Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

Tomo LI Blg. 22
Nobyembre 21, 2020
www.cpp.ph




EDITORYAL

# Buklurin ang mamamayan, papanagutin ang pabayang rehimeng Duterte

Lantarang nasaksihan ng milyong Pilipino ang kriminal na kapabayaan ng gubyerno ni Rodrigo Duterte nang manalasa ang mga bagyong Quinta, Rolly at Ulysses. Habang nalulunod sila sa baha at ulan, mahimbing na natutulog si Duterte sa kanyang mga responsibilidad at pananagutan. Para pagtakpan ang kanyang kapalpakan, sinisi niya ang mga biktima na umano'y hindi nakinig sa mga babala ng mga awtoridad. Mas malala, pangungutya sa mga kaagad na nagbigay ng tulong at pambabanta ang sagot niya sa mga batikos sa kanyang kapalpakan.

Bigo si Duterte na kumpasan ang iba't ibang mga ahensya at lokal na yunit, magsagawa ng maagap na mga hakbang, magpusisyon ng sapat na mga tauhan at kagamitan para sa mabilis na pagresponde. Ilang taon nang binawasan ng kanyang rehimen ang pondong pangkalamidad kaya pilay ang mga tagaresponde na sabay-sabay na tugunan ang maraming lugar na pinakamatinding naapektuhan.

Resulta nito, milyong Pilipino ngayon ang nagdurusa sa pagkawasak na dulot ng baha at pagguho ng lupa. Ilampung libong kabahayan sa kanayunan, sentrong bayan at syudad ang nawasak ng malakas na hangin, baha at rumaragasang tubig at putik. Nalubog ang mga palayan, taniman ng gulay at iba pang tanim. Nawasak ang mga bangkang pangisda. Nasira ang pinaghirapang mga kagamitang pambahay at panghanapbuhay. Marami ang naiwang walang kahit ano. Putol ang serbisyo ng tubig at kuryente ng mga pribadong kumpanya. Umaabot na sa ₱12.3 bilyon ang panimulang tantya na pinsala.

Napakabagal dumating at kulang na kulang ang ayuda ng gubyerno. Libu-libo ang nananatili sa siksikang mga *evacuation center* kung saan bulnerable silang mahawa ng Covid-19.

Kahanga-hanga at dapat purihin ang mga pagsisikap ng mga organisasyong masa at indibidwal na agad kumilos para sagipin ang mga nasalanta. Pero ang mga ito'y sadyang limitado at hindi dapat maging panghalili sa responsibilidad ng estado para malawakan at sistematikong tugunan ang pangangailangan ng mga sinalanta.

Tama lamang na singilin nang singilin si Duterte sa gitna ng mga sakuna lalupa't malayung malayo ang mga prayoridad ng kanyang rehimen sa usapin ng atensyon at paglalaan ng pondo. Patuloy nitong iniuuna ang kontra-insurhensya at batbat-sa-korapsyong mga proyek-

tong imprastruktura. Kinaltasan nito ang pondo para sa pagresponde at paghahanda sa mga sakuna at naglaan lamang ng kakarampot na ₱15.7 bilyon para rito ngayong taon, 60% na mas mababa sa ₱39 bilyong inilaan noong 2017. Dapat igiit na ibaling ang pondo ng mga ahensyang nakatuon sa panunupil, tulad ng ₱19 bilyong pondo ng NTF-ELCAC, sa mga programa para muling ibangon ang mga nasalanta. Dapat igiit ang kagyat na pamamahagi ng ₱83 bilyon pang isinusubi at sadyang hindi ipinamimigay ng mga ahensya ng gubyerno para sa mga biktima ng pandemya at kalamidad.

Sa harap ng palpak na tugon ng rehimen, dapat pahigpitin at palawakin ang nagkakaisang boses at pagkilos ng mamamayan para mapalakas ang kilusang sumisingil sa palpak at pabayang rehimen. Dapat nilang abutin ang mga komunidad, upisina, pabrika at iba pang lugar kung saan nakapamamayani ang pananakot at disimpormasyon ng rehimen. Gawin nilang mga sentro ng protesta ang kanilang mga komunidad at lugar ng ebakwasyon para itulak ang rehimen na pakilusin ang lahat ng ahensya at rekurso ng estado at gawing prayoridad ang pagsagip sa mga apektado. Hangga't hiwa-hiwalay ang mga hiyaw, mamaliitin lamang ni Duterte ang galit at disgusto ng mamamayan.

Dapat ipaintindi na hindi dapat maghintay, magmakaawa o mamalimos ang mga sinalanta at mamamayan para sa tulong materyal at pinansyal ng pambansang gubyerno. Karapatan nila ang mabilis na tugon ng estado sa kanilang pangangailangan para sa pagkain, tubig, damit, gamit pangkalinisan at medikal. Karapatan nila ang pondo at serbisyo para sa mabilis na paglilinis ng mga binahang komunidad, kagyat na pagbabalik ng serbisyong tubig at kuryente at tulong sa pagtatayo ng mga bahay at gusali. Karapatan nilang tumanggap ng pondong pangkagipitan para palitan ang mga gamit na nalubog sa baha tulad ng mga dyip, motor, bangka, gamit sa bahay at iba pa. May karapatan sila sa pondo ng bayan na nakalaan para sa nawasak na mga sakahan, negosyo at ibang pinagkukunan ng kabuhayan.

Taun-taon, mahigit 20 bagyo ang dumaraan sa Pilipinas. Marapat lamang ang panawagan para sa imbestigasyon sa mga upisyal, ahensya at kumpanyang sanhi ng malawakang paglubog ng daan-daang mga komunidad tulad sa kaso ng Magat Dam. Dapat repasuhin ang kahandaan sa mga sakuna at mga hakbang ng mga ahensyang nakatuon dito para hindi paulit-ulit ang mga trahedya.

Dapat ding papanagutin ang rehimen sa kabiguang magsagawa ng makabuluhang rehabilitasyon sa kalikasan, pagpapalalim sa mga ilog at sapa at iba pang hakbanging makakokontrol sa pagbaha matapos ang apat na taon sa kapangyarihan. Tuligsain si Duterte sa huwad niyang panawagan para sa "katarungang pangklima" habang wala namang awat ang pagmimina, pagtotroso at mapanirang mga proyektong imprastrukturang pinopondohan ng dayuhan na nagdudulot ng malawakang pagkasira sa kalikasan.

Ang kriminal na kapabayaan ni Duterte sa kagalingan ng mamamayan sa harap ng kalamidad ay pumapatong sa ilang buwang bigong pagtugon sa pandemya, pangwawasak sa ekonomya at lantarang korapsyon. Winawasak nito ang bansa sa walang tigil nitong pangungutang sa mga dayuhang institusyon, pagpapatupad ng maka-kapitalistang mga patakarang pumipinsala sa mga manggagawa, kakulangan ng subsidyo sa agrikultura at iba pa na higit na nagpapahirap sa sitwasyon ng masang naghihikahos.

Animo'y isang bagyo si Duterte na sobra apat na taon nang nananalasa sa bansa at brutal na pumapatay sa sinumang nakaharang. Di na masukat ang pinsalang dala niya sa mga sakahan, negosyo at kabuhayan ng milyun-milyong mamamayan. Dapat patuloy na buuin ang galit ng mamamayan hanggang malikha ang isang sigwa ng protesta na magtutulak sa kanya na magbitiw kundiman magpapatalsik sa pwesto at magpapanagot sa lahat ng kanyang krimen matapos ito. AB

ANG Bayan

Tomo LI Blg. 22 | Nobyembre 21, 2020

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloco, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Tumatanggap ang *Ang Bayan* ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan.

instagram.com/prwcnewsroom

@prwc_info

cppinformationbureau@gmail.com

## Nilalaman

**Editorial:** Buklurin ang mamamayan, papanagutin ang pabayang rehimeng Duterte 1
Mga pagkilos ng kabataan 3
Opensiba sa Bukidnon, Sultan Kudarat 3
Protesta para sa kabuhayan 3
Unos ng paghihirap dulot ng kapabayaan 4
Baha at kagubatan, pagdambong at tubo 4
Kalagayan ng mga mangingisda 6
Gera ni Duterte laban sa mga bata 7
Sa madaling salita 8
Atake sa mga magsasaka 9
Atake sa mga mamamahayag 9
Mga katutubo, kinasuhan ng terorismo 10
Mga krimen sa digmaan ng Australia 10
Dumog sa Bukidnon at Lanao 10
Badyet ng AFP, dinagdagan 10

Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

## Kabataan, nanawagan ng mga pagkilos

*Youth strike* o paglaban ng kabataan ang sigaw ng mga estudyante ng Ateneo de Manila University (ADMU) at University of the Philippines (UP)-Diliman sa Quezon City para singilin at wakasan ang kriminal na kapabayaan ng rehimeng Duterte. Tinatayang 400 kabataan ang nagtipon sa harapan ng ADMU noong Nobyembre 17 para hamunin ang rehimen na tugunan ang krisis dulot ng kalamidad at pandemya. Nagprotesta din sila noong Nobyembre 20. Pinangunahan ang mga pagkilos ng Kabataan Partylist at National Union of Students of the Philippines. Nagkaroon din ng mga pagkilos sa Bulacan at Cebu.

Sunud-sunod na naglabas ng deklarasyon ng paglaban ang mga kabataan matapos manawagan ang mga lider-estudyante ng ADMU na huwag magpasa ng mga rekisito hanggang hindi napatatalsik si Rodrigo Duterte sa poder. Sinundan ito ng mga pahayag ng mga estudyante sa iba pang unibersidad ng *academic break* o pansamantalang pagsuspinde sa mga *online class*. Pagtatapos naman ng semestre ang panawagan ng mga guro sa UP-Diliman. Lahat sila'y nagkasundo na hindi makatarungan ang pagpapatuloy ng klase sa gitna ng mga kalamidad, kawalan ng matinong *internet* at di angkop na bigat ng mga akademikong rekisito.

Bitbit ng mga mag-aaral ang panawagang magbigay ng ilang araw na pagtigil sa eskwela para makapagpahinga ang mga mag-aaral at makaagapay lalo na ang mga tinamaan ng kalamidad. Apat na unibersidad pa lamang ang nagbigay ng isang linggong pahinga sa mga estudyante. Tumanggi ang Commission on Higher Education na magdeklara ng *academic break* sa pambansang saklaw. Naghain ng resolusyon ang kinatawan ng Kabataan Partylist sa kongreso para ibalangkas sa pambansang saklaw ang pagkakaroon ng pagtigil ng klase nang ilang araw. AB

### Mga opensiba sa Bukidnon, Sultan Kudarat

PINASABUGAN NG BAGONG Hukbong Bayan (BHB)-Bukidnon ang nag-ooperasyong platun ng 8th IB sa Sityo Ulayanon, Barangay Calabugao, Impasug-ong noong Nobyembre 5. Limang sundalo ang patay at lima rin ang sugatan.

Sa Malaybalay City, dalawang beses ding inatake ng mga Pulang mandirigma ang nag-ooperasyong elemento ng 88th IB sa Sityo Kugun-kugon, Barangay Manalog noong Nobyembre 19 at 20. Nagpapasimuno ng iligal na sabong ang mga sundalo sa lugar.

**Sultan Kudarat.** Patay sa reyd ng BHB-Sultan Kudarat ang tatlong aset ng 37th IB sa Sityo Secret Valley at Magon, Barangay Datu Wasay, Kalamansig noong Oktubre 24, dakong alas-5 ng madaling araw. Nakumpiska mula sa kanila ang tatlong *shot gun* at mga bala.

## Protesta at kampanya para ipagtanggol ang kabuhayan

MATAGUMPAY NA NAPIGILAN ng barikada ng mga maralita ang demolisyon sa Sityo Back-Matimco, Barangay Subangdaku, Mandaue City, Cebu simula Nobyembre 11. Sinugod sila ng mga pulis at tauhan ng lokal na gubyerno para idemolis ang kanilang mga bahay sa ngalan ng pagpapalawak ng mga daan. Pinamunuan ang barikada ng Panaghugpong-Kadamay Cebu.

Sa Quezon City, mahigit 1,000 maralitang-lunsod ang nagprotesta sa Barangay Bagong Silangan, Quezon City noong Nobyembre 18 para igiit ang kanilang karapatan sa disenteng paninirahan at kabuhayan.

Bago nito, noong Nobyembre 9, nagprotesta rin at nakipagdayalogo ang mga maralita sa pangunguna ng Pinagkaisang Lakas ng Mamamayan sa lokal na gubyerno ng Quezon City. Pinahintulutan silang bungkalin ang 118-ektaryang tiwangwang na lupang sakop ng naturang barangay.

Samantala, nagprotesta ang mga drayber at opereytor ng dyip kasama ang kanilang mga tagasuporta sa Quezon City noong Nobyembre 9. Patuloy nilang Iginigiit ang pagbabalik-pasada ng lahat ng mga dyip.

Noong Nobyembre 18, nagtungo ang 700 drayber ng motorsiklo ng FoodPanda Philippines sa Department of Labor and Employment sa Intramuros, Manila para paimbestigahan ang pambabarat ng kumpanya sa kanila. Anila, mayroong mga pagkakataong nakatanggap lamang sila ng ₱11.45 para magdeliber ng pagkain sa byaheng may walong kilometro. Ang Food Panda ay pinatatakbo ng multinasyunal na kumpanyang Delivery Hero na nakabase sa Germany.

**Dagdag sahod, naigiit ng unyon**

Naigiit ng mga manggagawa ng Davao Central Chemical Corporation (DCCC) ang makatwirang dagdag-sahod at benepisyo sa kanilang *collective bargaining agreement* (CBA) para sa taong 2020-2022.

Pumirma sa CBA ang DCCC Independent Union-NAFLU-KMU at maneydsment ng kumpanya noong Nobyembre 17. Ang naturang kumpanya ay nag-eeksport ng *activated carbon* at iba pang kemikal.

Nakamit ng mga manggagawa ang ₱1,350 kada buwan na dagdag sahod sa 2021 at panibagong dagdag sa 2022. Naidagdag rin sa listahan ng mga benepisyo ang insentibong ₱2,500 para sa mga nagseserbisyo na ng limang taon. AB

# Unos ng paghihirap dulot ng kapabayaan

Gabi ng Nobyembre 13, mabilis na kumalat ang pagpapasaklolo ng mamamayan mula sa Cagayan Valley habang hinahagupit ang rehiyon ng bagyong Ulysses. Mabilis na tumaas ang tubig sa lugar dulot ng biglaang pagpakawala ng tubig ng Magat Dam. Nang umabot nang 13 metro ang taas ng Cagayan River, sumabay na nagpakawala ng tubig ang mga dam na Ambuklao at Binga.

Sa loob ng 11 oras, lumubog sa baha ang 21 bayan at isang syudad sa Cagayan at 22 bayan at tatlong syudad sa Isabela. Umabot ang pagbaha sa 15 munisipalidad sa Nueva Vizcaya at limang bayan sa Quirino. Marami sa mga nasalanta ang magdamag na naghintay sa bubong ng kanilang mga bahay dahil sa kupad ng tugon sa kanilang saklolo. Ayon sa mga taga-Cagayan, ito na ang pinakamalalang pagbaha sa rehiyon sa nakaraang 45 taon.

Nobyembre 12, lumubog sa tubig baha ang halos 40,000 kabahayan sa Marikina City at dalawang bayan sa Rizal nang buksan naman ang Angat Dam bago at sa kasagsagan ng bagyo. Tumaas din ang baha sa iba pang bahagi ng Metro Manila dulot ng walang tigil na pag-ulan. Maraming gusali, poste at kawad ng kuryente ang natumba dulot ng malakas na hangin. Dahil dito, mahigit tatlong milyong bahay ang nawalan ng kuryente. Ilang milyon naman ang nawalan ng serbisyong tubig sa panahong pinakakailangan. Umabot na sa 76 ang nasawi dala ng pagbaha. Sa inisyal na taya, umabot na sa ₱10 bilyon ang pinsalang dulot ng Ulysses.

Sa katimugang bahagi ng Luzon, hindi pa rin nakababangon ang rehiyon ng Bicol at Southern Tagalog sa pananalasa ng superbagyong Rolly na humambalos noong Nobyembre 1. Hindi pa nakarekober ang 240,000 pamilyang nawalan ng bahay sa baybaying lugar ng Albay, Catanduanes, Camarines Sur, Camarines Norte at Quezon nang tumama ang bagyong Ulysses noong Nobyembre 11. Nasa ₱17.8 bilyon ang pinsalang dulot ng Rolly sa mga sakahan at imprastruktura dito at sa Calabarzon. Umabot pa rin sa 25 ang namatay sa kasagsagan ng bagyo. Ang superbagyong Rolly ang tinaguriang pinakamalakas sa limang bagyong sunud-sunod na pumasok sa bansa sa loob lamang ng tatlong linggo.

Mahigpit ang panawagan para papanagutin ang mga upisyal at ahensyang namamahala sa pitong dam (Angat, Ipo, La Mesa, Ambuklao, Binga, San Roque at Magat) na walang patumangga at sabay-sabay na nagpakawala ng tubig sa kasagsagan ng bagyo. Walang abiso ang mga namamahala sa lokal na gubyerno kung kailan at gaano kadami ang pakakawalan nitong tubig.

Kasabay nito, muling tumampok ang panawagan na itigil ang pagtatayo ng konstruksyon ng Kaliwa Dam. Sa halip, nananawagan sila na magsagawa ng malawak na reporestasyon sa kabundukan sa Sierra Madre na siyang pinagmumulan ng tubig sa mga dam ng La Mesa at Angat.

Inamin ni Duterte na tulog siya sa kasagsagan ng mga bagyo. Gayunpaman, wala siyang tinanggap na pagkukulang nang sa huli ay nagpakita siya sa publiko. Sa halip, walang batayang inakusahan niya si Vice Pres. Leni Robredo ng pang-aagaw ng eksena, kinutya ang mga *relief operation* ng kanyang upisina at binantaan laban sa pagtakbo sa pagkapresidente sa 2022. Sa harap ng pagkakandarapa ng maraming tao, nakuha pa niyang magbitaw ng malalaswang biro kasama ang ilang lokal na upisyal.

Pagbubuo ng isa na namang *task force* ang tugon ni Duterte sa malawakang pinsala na dulot ng bagyo at matinding galit ng mamamayan sa kanyang rehimen. Inianunsyo noong Nobyembre 14 ang pagtatayo ng Build Back Better *task force* na pamumunuan ng pare-parehong inutil at di kwalipikadong mga heneral at myembro ng kanyang gabinete. Ipinailalim niya ang buong Luzon sa *state of calamity* para magkaroon ng dahilan para muling magkamal ng pondo ang kanyang upisina at mga hawak nitong ahensya.

Kabaligtaran ni Duterte, mabilis at kagyat na tumugon ang mga demokratikong organisasyon at indibidwal para sumaklolo sa mga nasalanta. Kabilang sa mga sumagip ang Tulong Kabataan Network, Tulong Sulong Cagayan Valley Network, Balsa, Tulong Obrero at mga upisina ng mga progresibong partido sa Kongreso. Mabilis ding tumugon ang mga mapagkawanggawang organisasyon. Naging tulay naman ang upisina ng bise-presidente para ipaabot ang mga taga-responde ang mga sigaw at tawag ng saklolo laluna ng mga residente ng Cagayan. Nakapagtipon din ito ng halos ₱50 milyon para sa relief operation. AB

## #NasaanAngPangulo

*hashtag* na ilang beses nag-trend sa Twitter sa panahon ng mga bagyo para sigilin ang kawalang-paghahanda at kawalang-aksyon ni Duterte habang nalulunod sa baha ang Metro Manila, Bicol at Cagayan Valley.

## Magat Dam

Itinayo ng diktadurang Marcos noong 1980 gamit ang pondo mula sa World Bank. Sineserbisyuhan nito ang 380-MW na *hydropower plant* na pagmamay-ari ng pamilyang Aboitiz at isang kumpanyang Norwegian. Ang planta ang dahilan kung bakit hindi agad nagpakawala ng tubig ang dam kahit may paparating nang bagyo.

# Baha at kagubatan, pagdambong at tubo

Hindi maipagkakaila na ang pagkakalbo ng kagubatan ang isa sa mga mayor na salik ng mga pagbaha at pagguho ng lupa tuwing may sakuna. Sa datos ng gubyerno noong 2015, pitong milyong ektaryang kagubatan na lamang ang natitira sa Pilipinas o 23% ng kabuuang erya ng bansa. Tatlong porsyento na lamang ang natitira sa mga pronterang kagubatan nito. Ayon sa isang pag-aaral, isa ang Pilipinas sa 10 bansang may pinakamabilis magkalbo ng kagubatan sa nakalipas na dalawang dekada.



Sa kasalukuyan, tinatayang 47,000 ektarya ng kagubatan at bakawanan ang kinakalbo kada taon. Makatutulong sana ang mga ito para pigilan ang pagguho ng lupa, pagbaha at mga pagdaluyong-bagyo.

Bago dumating ang mga Espanyol, nasa 27 milyong ektarya ang kagubatan ng Pilipinas. Saklaw nito ang 90% ng kalupaan ng bansa. Bumagsak ito tungong 21 milyong ektarya pagsapit ng 1900 dulot ng malawakang paghahawan ng mga kolonyalista para sa mga plantasyong pang-eksport at asyenda. Muling mabilis na nakalbo ang mga gubat noong dekada 1940 matapos isulong ng magkakasunod na papet na gubyerno ang pag-eeksport ng troso bilang pangunahing mapagkukunan ng dayuhang kita.

Pagsapit ng 1970, tinatayang mahigit 170,000 ektarya ng kagubatan sa abereyds ang kinalbo kada taon. Mababa pa sa 5% nito ang muling tinamnan ng puno. Ginamit ng diktador na si Ferdinand Marcos ang pagtotroso bilang palabigasan ng mga nasa poder. Noong 1975, ang mga kumpanyang protektado ni Marcos ay pumutol ng umaabot sa 15.5 milyong kubiko-metrong troso, pinakamataas na naitala sa kasaysayan ng bansa. Mula 1972 hanggang 1988, tinatayang 8.57 milyong ektarya ng kagubatan ang kinalbo at 3.8 milyong ektarya ng pronterang kagubatan ang winasak. Sa dekada 1990, tinatayang 8% na lamang ang natirang kagubatan.

Kabilang sa pinakamapangwasak ang kroni ni Marcos na si Alfonso Lim Sr. na nagkalbo sa kagubatan sa Ifugao at Cagayan Valley, ang pinagkukunan ng tubig ng ngayo'y Magat Dam. Pagmamay-ari niya ang hindi bababa sa pitong kumpanya sa pagtotroso sa daan-daang ektaryang kagubatan dito.

Para monopolisahin ang industriya, itinalaga ni Marcos si Juan Ponce Enrile bilang upisyal sa pagtotroso na solong tagapagbigay ng permit sa mga kumpanya. Ibinigay din ni Marcos ang pinakamalaking konsesyon sa pagtotroso sa San Jose Timber Corp. ni Enrile na sumaklaw sa mahigit 95,770 ektarya ng kagubatan sa Northern Samar. Labas pa ito sa mga konsesyon ng pito pa niyang kumpanya sa Palawan, Samar, Bukidnon, Butuan at Cebu.

Si Isidro, anak ng kroni ni Marcos na si David Consunji, ang kasalukuyang pinakamalaking kapitalista sa pagtotroso. Minana niya ang DMCI Holdings, Inc. na sumaklaw sa 102,954 ektaryang kagubatan sa 10 bayan sa South Central Mindanao. Matatagpuan din sa naturang mga lugar ang dambuhalang mga minahan.

Patuloy na pinahihintulutan ng rehimeng Duterte ang mga operasyong pagtotroso para pang-eksport sa kabila ng deka-dekada na nitong pangwawasak sa kalikasan. Mula 2016 hanggang 2019, nag-eksport ang Pilipinas ng 878,664 tonelada ng troso. Mayorya nito ay napunta sa China (81%) at ang iba sa Japan (18%). Noong 2011-2015, halos 1.6 milyong toneladang troso rin ang ineksport ng bansa. Liban pa rito ang daan-daanlibong tonelada ng pinrosesong mga produktong kahoy gaya ng *plywood,* at mga kahoy mula sa iligal na pagtotroso. AB

### Huwad na programang reporestasyon

WALANG TUNAY NA plano ang reaksyunaryong estado para muling buhayin ang mga kagubatan ng bansa. Ang National Greening Program (NGP) nito ay isang iskema lamang para sa malawakang *contract growing* ng mga komersyal na kahoy na kalakhan ay mapaminsala sa ekolohikal na balanse ng mga gubat. Ang pinakanakikinabang sa mga kontratang iginagawad ng NGP ay mga lokal na pulitiko at kanilang mga kasosyong negosyante sa *agroforestry.*

Kalakhan ng mga punong itinanim sa mga eryang saklaw ng NGP ay hindi likas sa lokal na kagubatan. Kabilang sa mga ito ang mga komersyal na kahoy na madaling tumubo gaya ng *mahogany, falcata, rubber,* at iba pang pang-eksport na pananim gaya ng kape at kakaw. Ang naturang mga puno at pananamin ay kabilang sa nangungunang eksport ng bansa. Salungat ito sa payo ng mga siyentista na magtanim ng mga punong likas sa gubat para mapanatili ang ekolohikal na balanse ng mga ito.

Inamin mismo ng Department of Environment and Natural Resources na plano nitong anihin ang troso sa halos 79 ektarya ng mga plantasyon ng NGP sa iba't ibang bahagi ng bansa na magbibigay ng ₱31.6 bilyong kita sa mga kasosyo nitong kontraktor. Mas masahol pa, ginagamit ng estado ang NGP para palayasin ang mga magsasaka at katutubo sa mga bulubunduking komunidad at kamkamin ang kanilang mga sakahan at lupaing ninuno.

# Ang mga mangingisda sa panahon ng pandemya at pasistang *lockdown*

Bago pa ang sunud-sunod na bigwas ng mga bagyo nitong taon, hinagupit na ng pandemyang Covid-19 at palpak na tugon dito ng rehimeng Duterte ang sektor ng pangisda. Pinatindi ng krisis ng pampublikong kalusugan ang dati nang krisis sa kabuhayan ng isa sa pinakamahirap na sektor ng lipunan. Pinalala pa ang kanilang kalagayan ng *lockdown*, na nagpataw ng mga restriksyon at nagkait sa kanila ng kanilang kabuhayan. Mayroong 1.7 milyong rehistradong mangingisda sa buong Pilipinas.

Isa sa mga restriksyon ang arbitraryong pagpapatupad ng Philippine Coast Guard (PCG) ng "no sail zone" sa mga mayor na pangisdaan sa Metro Manila at mga karatig-rehiyon noong Marso 16. Mabilis na nakapagpahayag ng pagtutol dito ang mga mangingisda dahil malaki ang magiging epekto ng pagbabawal kapwa sa kabuhayan ng maliliit na mangingisda at ng seguridad sa pagkain ng bansa. Hindi lumilikha ng pagtitipun-tipon ang pangingisda kaya't hindi makatuwirang isama ito sa *lockdown*. Binawi ito ng estado matapos ang ilang araw.

Nakapagpatuloy man sa pangingisda, naging pangunahing suliranin ng mga mangingisda ang pagbabagsakan ng mga huli. Suspendido ang transportasyon kaya hirap maibyahe ang mga produkto patungo sa mga mayor na *fish port* at bagsakan sa Metro Manila at mga sentrong lunsod. Naiulat ang mga banye-banyerang tamban na di-maibenta sa Sorsogon, Camarines Sur at Misamis Oriental. Umalma rin ang mga magsasaka ng *seaweed* sa Coron, Palawan dulot ng mga di-mabentang produkto. May mga positibong hakbangin ang ilang bayan sa Sorsogon na direktang binibili ang huli ng mga maliliit na mangingisda pero hindi ito naging kalakaran sa buong bansa.


**Di sapat, kundi man walang ayuda**

Dapang-dapa ang kabuhayan ng mga mangingisda. Kung dati ay umaabot na lamang sa ₱300 hanggang ₱500 ang kanilang kita kahit maganda ang panahon, ngayon ay nasa ₱100 hanggang ₱150 na lamang ang kanilang naiuuwi sa kanilang mga pamilya.

Sa kabila nito, tatlong beses lamang nakatanggap ang maraming komunidad ng mangingisda ng ayuda mula sa kani-kanilang lokal na pamahalaan sa mahigit tatlong buwan na *enhanced community quarantine* (ECQ). Bawat *relief pack* ay tinatayang nagkakahalaga lamang ng ₱200-₱300 o katumbas ng tatlong kilong bigas at mangilan-ngilang delata. Karaniwang ₱6,500 lamang ang tinanggap ng mga pamilyang mangingisda. Mula gitna ng Marso hanggang katapusan ng Mayo, pumatak lamang sa abereyds na ₱100 kada araw ang ayuda mula sa rehimen.

Walang ulat kung saan napunta ang ₱3-bilyong ayuda ng Department of Agriculture (DA) para sa agrikultura, hindi kailanman nabanggit o nakasama ang sektor ng mangingisda. Ang tiyak, hindi ito umabot sa kanila. Noong Oktubre, inianunsyo ng DA ang ₱96.53 milyong pondo para sa mangingisda, pero hindi ayuda kundi pautang ang pondo.

Bumagsak nang 3.2% ang produksyon ng pangisdaan sa unang kwarto ng taon kumpara sa parehong kwarto nang nakaraang taon. Ang programa ng DA para sa agrikultura sa panahon ng pandemya, tulad ng Plant, Plant, Plant Program o ang "Ahon Lahat, Pagkaing Sapat (ALPAS) Laban sa Covid-19" ay nakatuon lamang sa kung paano maibabyahe ang pagkain sa merkado, at hindi kung paano palalakasin ang produksyon sa kanayunan sa pamamagitan ng suporta sa mga magsasaka at mangingisda para tiyaking may produktong madadala sa pamilihan.



Hiling ng mga mangingisda: ₱15,000 subsidyo para matiyak na tuluy-tuloy ang kanilang hanapbuhay. Krusyal ang kanilang pagtatrabaho sa suplay ng pagkain sa buong bansa.

**Mga pakanang neoliberal**

Iniratsada ng rehimeng Duterte ang pagpasa at pagpapatupad ng mga proyektong magdudulot ng malawakang demolisyon sa gitna ng maigting na *lockdown* at mahigpit na ipinatutupad ng rehimen ang "stay-at-home policy." Mabilis na inaprubahan ng Senado at Kongreso ang prangkisa ng San Miguel Corp. Aerotropolis Project sa Bulacan. Binabakuran naman ang pangisdaan ng mga taga Cavite para sa proyektong reklamasyon sa Manila Bay. Hindi pinahinto ng pandemya ang planong pribatisasyon ng Manila Bay, kabilang ang pagtatambak ng *dolomite* o mga pekeng "white sand" sa baybay ng look kaharap ng Roxas Boulevard.

Sa tayang pagbagsak pa ng produksyon ng isda sa huling bahagi ng taon, kaagad nagpanukala ang DA ng panibagong importasyon ng isda. Aabot sa 400,000 metrikotoneladang ng galunggong, tilapia, at iba pang pangunahing pagkaing isda ang planong angkatin para diumano mapunan ang kakulangan at makontrol ang pagtaas ng presyo ng isda sa merkado. Naging pangkaraniwang tugon na ng rehimen ang importasyon sa tuluy-tuloy at sistematikong krisis sa agrikultura. AB

# Ang gera ni Duterte laban sa mga bata

Bigo ang rehimeng Duterte na pangalagaan ang kapakanan at mga karapatan ng mga bata. Sa nagdaang apat na taon, lalupang lumala ang dati na nilang kalunus-lunos na kalagayan. Isa sila sa pinakaapektado ng pandemyang Covid-19 at sa palpak na tugon ng rehimen na ligtas na buksan ang mga eskwelahan.

Target sila ng hungkag na gera kontra-droga sa kalunsuran at gera kontra-insurhensya sa kanayunan. Wala silang proteksyon sa iba't ibang klaseng karahasan sa loob ng kanilang mga bahay at pang-aabuso ng mga nakatatanda at mismo ng estado.

Higit sa lahat, biktima sila ng malakolonyal at malapyudal na sistemang naglugmok sa milyun-milyon sa kahirapan. Sa estadistika mismo ng estado noong 2017, sangkatlo sa 40 milyong batang may edad 15-pababa ay nabubuhay sa kahirapan. Halos dalawang milyon sa kanila ang napupwersang buong-panahong magtrabaho para umagapay sa kanilang mga magulang. Isa't kalahating milyon naman ang pinabayaan na o inabandona.

**Terorismo ng estado**

Mula Abril hanggang Oktubre ngayong taon, di bababa sa 34 bata, edad 17-pababa, ang biniktima ng mga yunit ng Armed Forces of the Philippines at Philippine National Police sa maruming gera ng rehimeng Duterte sa kanayunan. Tatlong bata pa ang napatay ng militar at lima ang muntik na mapatay sa walang patumanggang pamamaril ng naghuhuramentadong mga sundalo. Kargo rin ng rehimen ang pagkamatay ng 3-buwang sanggol na si River Nasino na pinagkaitan nito ng kalinga ng kanyang inang detenidong pulitikal.

Sa dokumentasyon ng Children's Rehabilitation Center mula Hulyo 2016 hanggang Hulyo 2019, umaabot sa 18 mga bata sa Mindanao, Negros, Bicol at Samar ang pinatay sa mga operasyong kombat ng AFP. Isa rito si Jhun Mark Acto, ang 15-anyos na binaril ng mga sundalo ng 39th IB at pinalabas na myembro ng BHB sa Davao del Sur. Dalawang bata ang kasamang minasaker ng mga sundalo at pwersa ng panginoong maylupa sa Sagay, Negros Occidental.

Sa Mindanao, umabot na sa 176 sa 228 paaralang Lumad ang ginipit at ipinasara ng militar at kanilang mga paramilitar ayon sa datos noong Oktubre. Dahil dito, 5,500 estudyanteng Lumad ang nawalan ng pagkakataong pumasok ngayong taon.

**Gera kontra-bata**

Sa kalunsuran, di bababa sa siyam na bata ang pinatay ng mga pulis at *death squad* ng rehimen sa hungkag nitong gera kontra-droga mula Enero hanggang Hunyo ngayong taon. Dagdag sila sa 122 bata, edad 17 pababa, na pinaslang mula Hulyo 2016 hanggang Disyembre 2019. Sa lahat ng naisadokumento, isang kaso lamang ang umabot sa korte—ang kaso ng pagpatay kay Kian delos Santos, ika-54 batang biktima—at dahil lamang nakunan ng bidyo ang krimen. Maraming ulilang bata ang napipilitang mamalimos o maghanap ng trabaho matapos paslangin ang kanilang mga magulang o tagapag-alaga.

Mas malala, binigyan-katwiran ng rehimen ang pagpaslang sa mga bata bilang "collateral damage." Marami sa kanila ay inaakusahang tagabenta ng mga sindikato, at sa gayon ay dapat lamang isama sa mga papatayin o ikulong sa masisikip na kulungan at pasilidad. Ipinanukala pa ng rehimen noong 2018 na ibaba ang edad na maaaring ituring na kriminal ang isang bata mula 15 tungong 12 o 9 na taong gulang dahil anito, "alam na nila ang kanilang ginagawa."

**Abuso at pang-aapi sa likod ng *lockdown***

Naitala ng isa pang grupo ang pagpaslang ng mga pulis sa di bababa 15 bata sa samutsaring dahilan sa panahon ng *lockdown*. Isa rito ang isang 15-anyos na batang babae na ginahasa ng isang pulis sa Ilocos Sur. Tinambangan siya ng dalawang pulis na kasamahan ng kanyang inireklamo, habang pauwi siya at kanyang pinsan matapos magsampa ng reklamo sa presinto. Mula Marso 19 hanggang Marso 31, umabot sa 22 bata ang naibalitang dumanas ng kalupitan at abuso dahil sa paglabag nila sa *curfew*.

Lalupang tumindi ang pang-aapi sa mga bata sa ilalim ng *lockdown* sa panahon ng pandemya. Pinakaapektado ang mga bata sa mga maralitang komunidad, na nagtitiis sa masisikip at mainit na bahay. Isa sa pinakamalalang epekto ng *lockdown* ni Duterte ang pagtaas ng bilang ng mga batang binubugaw o pinagagawa ng mga sekswal na akto sa internet. Mula Marso 1 hanggang Mayo 24, tumaas nang 364% ang mga kaso ng pang-aabusong sekswal sa mga bata kumpara sa 2019. Kalahati ng mga kaso ay ibinubugaw mismo ng kanilang mga magulang o kaanak sa mga *pedophile* (taong nakikipagtalik o gustong makipagtalik sa mga bata) sa US, Canada, Europe at Australia. AB



SA MADALING SALITA




## ₱135 bilyon

na ang **ibinuhos** sa **6,000 proyektong imprastruktura** sa nakaraang **1-4 na taon** pero hindi pa rin **natatapos** dulot ng **korapsyon**.

## 11.5%

**pagkitid** ng lokal na ekonomya sa **pangatlong kwarto** ng taon, bago pa **tumama** ang **sunud -sunod na bagyo**.



## ₱5 B

ang **kakarampot** na inilaan ng **rehimeng Duterte** para sa rehabilitasyon ng **Marawi** gayong kailangan nito ng **₱70 bilyon** para ibangon ang syudad at **makauwi** na ang mga residente. Noong **2020**, **₱3.5 bilyon** din lamang ang inilaan ng gubyerno.


## ₱3.6 T

**tinatayang** aabuting **halaga** ng **pinsala** dulot ng **pandemyang Covid-19** at **sunud-sunod** na mga **bagyo** sa taong **2020**.



## 94.5% at 95%

**bisa** ng **inieksperimentong** mga **bakuna laban** sa **Covid-19**, ayon sa mga **dambuhalang kumpanya** sa **parmasyutika** na **Pfizer/BioNTech** at **Moderna**. Humingi ang **Pfizer** ng **awtoridad** sa **US** na magbakuna sa **limitadong grupo** ng mga tao **ngayong buwan**.




## ₱83 bilyon

pondo ng **DSWD** na **hindi ipinamigay** sa tao sa panahon ng **pandemya** at **sakuna**. Kabilang dito ang **₱1.5 bilyon** mula sa **Bayanihan 1** at **2**.

## 1.9 M (1 sa bawat 10)

**pusisyon** at **trabaho** sa **burukrasyang sibil** ay **hindi pinupunan** sa gitna ng **kawalan ng trabaho** at **pangangailangan** para palawakin ang **serbisyong publiko**.



## 1 sa bawat 5

**pasyenteng** nahawa ng **Covid-19** ay nakararanas ng **problema sa pag-iisip** sa loob **ng 90 na araw** matapos **magkasakit**. **Anxiety** (lubhang pagkabahala), **depresyon** at ***insomnia*** (di makatulog) ang **kadalasang problema** nila.

## Magsasaka, pinaslang; 16 inaresto



ISANG MAGSASAKA ANG pinaslang at 16 ang arbitraryong inaresto ng mga elemento ng Armed Forces of the Philippines sa nakalipas na mga linggo.

**Pagpaslang.** Binaril at napatay ng mga elemento ng 85th IB ang lider-magniniyog na si Armando Buisan sa Barangay Santa Maria, Catanauan, Quezon noong Nobyembre 14. Si Buisan, 60, ay residente ng Sityo Luyahan, Barangay Magsaysay, General Luna at tagapangulo ng Coco Levy Fund Ibalik sa Amin sa naturang bayan.

Halos tatlong dekadang itinaguyod ni Buisan ang karapatan ng mga magniniyog. Bago paslangin, nanawagan ang grupo ng biktima na itaas ang presyo ng kopra at magbigay ng ayuda ang gubyerno dahil sa magkakasunod na bagyong tumama sa Bondoc Peninsula.

**Istraping at pag-aresto.** Walang habas na pinaputukan at inaresto ng nag-ooperasyong mga sundalo ng 58th IB ang anim na magsasaka, kabilang ang tatlong menor-de-edad, sa Sityo Lanesehon, Barangay Bunal, Salay, Misamis Oriental noong Nobyembre 1.

Papunta ang mga biktima sa bukid para mag-ani ng palay nang paputukan ng mga sundalo. Matapos nito ay idinetine sila sa kampo ng militar sa baryo. Sa gabing iyon, pilit pinapirma ng kumander ng 58th IB na si Lt. Col. Canatoy ang mga biktima ng dokumentong nagsasabing hindi sila sinaktan ng mga sundalo. Tumanggi ang mga biktima.

Nang gabi ring iyon, naiulat ang pambubugbog ng mga sundalo sa isang sibilyan sa Barangay Tingalan, Opol sa parehong prubinsya.

Sa Leyte, inaresto ng mga sundalo ng 93rd IB at 802nd Brigade ang pitong magkakapatid sa Sityo Utap, Barangay Canlampay, Carigara noong Nobyembre 13. Lima sa kanila ay mga menor de edad kabilang ang isang maysakit. Dinakip sila nang ireyd ng mga sundalo ang kanilang bahay. Inaresto rin ang kanilang ina na si Nora Dionaldo na pinararatangang asawa ng Pulang mandirigma. Magdamag ding idinetine kasama nila ang 11 pang kalalakihang residente. Nananatiling nakadetine si Dionaldo at ang kanyang panganay na si Ernie.

Sa Negros Occidental, dalawang magsasakang myembro ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas ang inaresto ng 94th IB sa Sityo Basak, Barangay Buenavista, Himamaylan City noong Nobyembre 19. Inakusahan silang mga kasapi ng Pulang hukbo at sinampahan ng gawa-gawang kasong *illegal possession of firearms*. Kasalukuyang nakadetine ang dalawa sa Himamamaylan City Police Station.

Samantala, 20 boluntir na kabataang kasapi ng Anakbayan ang iligal na inaresto ng mga pulis sa Vente Reales, Valenzuela City noong Nobyembre 17. Dinakip sila habang nagsasagawa ng kusinang bayan dahil umano sa paglabag sa mga restriksyon ng *lockdown*. AB

---

## Atake sa mga mamamahayag

DALAWANG MAMAMAHAYAG ANG pinaslang, apat ang inaresto at isa ang ni-*red-tag* ng estado sa nakalipas na dalawang linggo.

Pinaslang ng 2nd IB ang lokal na manunulat na si Ronnie Villamor sa Barangay Matanglad, Masbate noong Nobyembre 14. Nasa lugar siya para siyasatin ang pangangamkam ng lupa ng negosyanteng si Randy Favis. Hinarang siya sa isang tsekpoynt ng militar at binaril sa pinalabas na engkwentro.

Noong Nobyembre 10, pinagbabaril ang manunulat at brodkaster na si Virgilio Maganes sa Barangay San Blas, Villasis, Pangasinan. Una na siyang tinangkang patayin ng mga pulis noong 2016.

Sa parehong araw, inaresto at idinetine ng mga pulis sa Camarines Norte ang mga brodkaster na sina Virgilio Avila Jr. at Mia Concordia. Ginamit ng mga pulis ang kasong *cyberlibel* na isinampa ni Gov. Edgardo Tallado. Nakalaya sila matapos magbayad ng pyansang ₱400,000. Kinasuhan din ng gobernador ang mamamahayag na si Deo Trinidad.

Parehong kaso rin ang ginamit sa pag-aresto sa brodkaster na si Jun Digamon ng Davao City noong Nobyembre 13 at si Leonardo Hijara ng Surigao del Sur sa parehong linggo.

Samantala, malisyosong iniugnay ng rehimen sa rebolusyonaryong kilusan ang manunulat ng Inquirer at direktor ng NUJP na si Nestor Burgos Jr. noong Nobyembre 5. Nakabase si Burgos sa Iloilo City.

Ang Pilipinas ang itinuturing na ika-pitong pinakadelikadong bansa sa mga mamamahayag sa buong mundo ayon sa 2020 Global Impunity Index na inilabas ng Committee to Protect Journalists noong Oktubre 28. AB

## 2 katutubo, unang biktima ng batas sa terorismo

IBINUNYAG NG NATIONAL Union of People's Lawyers (NUPL) sa Korte Suprema noong Nobyembre 17 ang unang kaso ng paggamit ng Anti-Terror Law (ATL) laban sa inosenteng mamamayan. Dalawang Aeta, sina Jasper Gurung at Junior Ramos, ay walang batayang kinasuhan ng 7th ID ng paglabag ng Seksyon 4 (paglahok sa mga aktibidad na may layuning pumatay o manakit) ng naturang batas noong Setyembre. Noon pang Agosto nakakulong ang dalawa, kasama ng dalawa pang Aeta, sa gawa-gawang kasong *illegal possession of firearms and explosives.* Inaresto sila habang tumatakas sa pambobomba at pang-aabuso ng militar sa kanilang lugar.

Ayon sa NUPL, ang pagsasampa ng kaso ay ganti ng 7th ID sa mga sibiliyan matapos isang sundalo ang napatay sa pananambang ng Bagong Hukbong Bayan sa kanilang yunit noong Agosto 21. Pinatutunayan ng kaso kung papaanong maaaring gamitin ang ATL para baluktutin ang mga ebidensya at ituring na "terorista" ang mga kritiko at kalaban ng gubyerno.

Sa ngalan din pagsugpo sa "terorismo," pinagbawalan ng Anti-Money Laundering Council (AMLC) na galawin ng Rural Missionaries of the Philippines (RMP) ang mga impok nito sa 22 na akawnt sa bangko. Iligal na ibinimbin ng AMLC ang mga account ng RMP mula Disyembre 2019 hanggang Oktubre nitong taon batay lamang sa petisyon ng National Intelligence Coordinating Agency.

## Dumog ng mga pasista sa Bukidnon at Lanao Sur

DINUMOG ng 900 sundalo ng 82nd IB, 51st IB, 58th IB, 1st Special Forces Battalion at Scout Rangers ang mga barangay sa hangganan ng Talakag, Bukidnon at Tagoloan II, Lanao del Sur noong Oktubre 15-21.

Umatake sa mga barangay ng San Rafael, Lemonsudan at Kibulag sa Talakag noong Oktubre 15 ang mga sundalo lulan ng limang trak at dalawang *armored personnel carrier* (APC). Nagpwesto din ng dalawang kanyon sa lugar. Kinabukasan sa Tagoloan II, 16 na trak ng militar ang dumumog sa Barangay Pinilayan, liban pa sa tigdalawa ring APC at kanyon. Nagdagdagan pa ito ng apat na trak ng sundalo at walong trak ng suplay nang sumunod na araw.

Makalipas ang isang linggo, tatlong araw namang hinalihaw ng 5th IB ang mga baryo ng Maguing, Lanao del Sur. Walang-habas na nagpaputok ng 60mm na kanyon ang mga sundalo. Sapilitan ding pinasurender ang mga residente.

Muling dumagsa sa Barangay Lemonsudan ang limang KM35 na trak at 10 pang sasakyan lulan ang mga sundalo noong Oktubre 31. Nagsilbi silang pwersang panseguridad sa pagdating ng meyor ng Talakag at ni Communications Sec. Martin Andanar.

## Mga krimen sa digmang agresyon ng Australia sa Afghanistan

INAMIN NI AUSTRALIAN Defense Force Chief Gen. Angus Campbell noong Nobyembre 17 na sangkot ang mga sundalo ng Special Air Service (SAS) ng Australia sa brutal na pagpaslang sa 39 sibilyan sa Afghanistan mula 2005 hanggang 2016. Nalinaw sa imbestigasyon na mga bihag at magsasaka ang kanilang mga pinaslang, at hindi mga kombatant.

Nalantad ito matapos isapubliko ang resulta ng apat na taong imbestigasyon na pinangunahan ng isang huwes. Kabilang sa mga kasong nalantad ang mga pagpaslang na isinagawa bilang bahagi ng tradisyong "blooding" ng SAS kung saan sapilitang pinababaril sa mga sundalong bagong deploy sa Afghanistan ang isang bihag. Natuklasan din na sangkot ang mga sundalo sa pagtatanim ng mga ebidensyang armas at gamit pangkomunikasyon para palabasing napatay ang mga biktima sa lehitimong mga engkwentro. Kasalukuyang iniimbestigahan ng pederal na pulisya ng Australia ang 19 na sundalo na dawit sa mga krimen.

Kasamang nanghihimasok ang Australia sa Afghanistan noong 2001 sa ilalim ng digmang agresyon ng US na isinagawa sa tabing ng "kontra-terorismo." Hanggang ngayon ay nananatiling nakapakat ang mga sundalo nito, kasama ng libu-libo pang sundalong Amerikano, sa bansa.

## Badyet ng AFP, dinagdagan pa ng Senado

PINALAKI ANG BADYET ng Armed Forces of the Philippines (AFP) para sa 2021 mula ₱208.7 bilyon tungong ₱215 bilyon sa pagdinig ng Senado sa panukalang badyet noong Nobyembre 20. Isa sa dinagdagan ng pondo ang modernisasyon ng AFP mula ₱25 bilyon tungong ₱83 bilyon (dagdag na ₱58 bilyon).

Ilan pang idinagdag sa badyet ng AFP ang ₱5 bilyong pondong "di programado" na walang pagkakaiba sa *pork barrel* ng Kongreso, ₱2 bilyon para sa pagbili ng dalawa pang malalaking eroplano at ₱2 bilyon para sa gamit ng 11th ID. Sa ilalim nito, ₱800 milyon ang nakalaan para sa pagbili ng mga bomba at bala para sa mga eroplano at helikopter pandigma. Mayroon ding nakalaan na ₱190 milyong pondong "pansuporta" sa National Task Force to End Local Communist Armed Conflict. Ito ay sa kabila ng lumalakas na panawagang tanggalan ng pondo ang naturang task force at ilaan sa ayuda at rehabilitasyon ng mga nasalanta ng pandemya at sakuna ang badyet nito.